

# Kung paano magbukas ng *Good To Go!* account mula sa Bayarin sa Toll

Magpunta sa www.MyGoodToGo.com at ilagay ang numero ng statement ID at ang numero ng plaka mo sa kahon na nagsasabing "Pay, dispute or lower toll bill" [Bayaran, kwestyunin, o pababain ang bayarin] at siguraduhing namarkahan din ang tamang estado kung saan nanggaling ang plaka mo. Pagkatapos, i-click ang kulay lilang "GO" [MAGPATULOY] button.





Kung mayroon kang pansamantalang plaka, siguraduhing i-click ang kahon na nagsasabing "This is a Temporary Plate" [Pansamantalang Plaka Ito] bago mo ilagay ang numero ng plaka mo.



# Sa “Toll Bill Summary” [Sumaryo ng Bayarin sa Toll] page

Kakailanganin mong i-click ang opsyon na nagsasabing “Lower this bill with a *Good To Go!* account” [Pababain ang bayaring ito gamit ang Good To Go! account]

Pinahihintulutan ka ng opsyong ito na gumawa ng *Good To Go!* account at mapapababa nito ang kabuuan ng iyong bayarin sa halagang nakasaad sa kanang bahagi sa opsyon. Pagkatapos mong piliin ang opsyon, i-click ang "NEXT" [SUSUNOD] button sa kaliwang bahagi sa ibaba ng page.



WSDOT Good To Go!™


## Sa “Account Access” [Access sa Account] page

Pumili ng username, password at apat na numero para sa Personal na Numero ng Pagkakakilanlan (Personal Identification Number, PIN).

Dapat may anim na karakter ang username mo, at mga letra, numero o wastong email address lang ang gamitin.

Dapat gumamit ang password mo ng:

- Di-bababa sa walong karakter
- Kahit isang malaking letra
- Kahit isang maliit na letra
- Kahit isang numero (0-9)





Kapag nakapili ka na ng wastong username, password at PIN, i-click ang NEXT [SUSUNOD] button sa ibaba ng page.

# Sa “Customer Information” [Impormasyon ng customer] page

Ilagay ang tamang impormasyon sa lahat ng patlang sa form na namarkahan ng asterisk (*)

Dapat mong ilagay ang iyong pangalan at apelyido, wastong email address at wastong numero ng telepono. I-click ang kahon na nagsasabing “Send me text message alerts” [Padalhan ako ng mga abiso sa text] kung gusto mong tumanggap ng mahahalagang abiso sa text.


Sign Up for an Account

1 Account Access — 2 Customer Info — 3 Vehicles — 4 Passes

Customer information

☐ I am creating an account for a business, non-profit, or government agency.

Primary contact Information

First name * | Middle initial

Last name * | Suffix

Email *


Phone type * Mobile | Phone number *

Add another phone number


☐ Send me text message alerts
Cell phone data and messaging rates may apply.

Address *

Pagkatapos, ilagay ang iyong address sa koreo:




Maaari kang makatanggap ng pop up na nagsasabing kumpirmahin mo ang iyong address dahil hindi ito tumutugma sa kinikilalang address ng United States Postal Service (USPS). Kumpirmahin lang kung aling address ang tama.





Pagkatapos, i-click ang NEXT [SUSUNOD] button sa ibaba ng page.

# Sa “Vehicles” [Mga sasakyan] page

Ilagay ang impormasyon ng plaka at siguraduhing piliin ang tamang uri ng plaka mula sa drop-down menu.

Tawag sa sasakyan





Kung mayroon kang personalized na plaka, siguraduhing i-click ang kahon na nagsasabing “This is a personalized license plate” [Isa itong personalized na plaka]




WSDOT Good To Go!™

Pagkatapos, ilagay ang numero ng plaka mo at ilagay ang impormasyon ng sasakyan mo gamit ang kasunod na set ng mga drop-down menu.




Numero ng plaka


Kung hindi nakalista ang tatak at modelo ng sasakyan mo sa mga drop-down menu, i-click ang kahon na nagsasabing “This is a non-passenger vehicle” [Hindi ito pampasaherong sasakyan] na magpapahintulot sa iyo na i-type ang tatak at modelo sa halip na gamitin ang ibinigay na listahan.




Pagkatapos mong tiyakin na tama ang lahat ng impormasyon mo, i-click ang NEXT [SUSUNOD] button sa ibaba ng page.


## Sa “Passes” [Mga pass] page

May opsyon kang i-activate ang pass mo o bumili ng pass. Iba-iba ang benepisyo ng bawat pass:




Ang Sticker pass ay $5 dagdag ang buwis at ito ang pinakapopular na opsyon para sa mga driver na hindi kailangang mag-carpool sa mga express toll lane ng I-405 o mga Lane para sa Sasakyang may Maraming Sakay (High-Occupancy Toll, HOT) ng SR 167. Pinahihintulutan ka nitong magbayad ng toll sa mga toll road sa Washington. Kapag nakadikit na ang pass sa windshield mo, masisira ang pass kapag inalis ito.

Ang Flex Pass ay $15 dagdag ang buwis at pinahihintulutan ka nitong mag-carpool nang walang toll sa mga express toll lane ng I-405 at SR 167 HOT lanes kapag sapat ang bilang ng mga tao sa sasakyan mo. Nagagamit din ito sa pagbabayad ng toll sa mga toll road sa Washington kapag hindi sapat ang bilang ng mga tao na ika-carpool mo.




Ang License Plate pass ay $12 dagdag ang buwis at isa itong alternatibo para sa mga driver na may mga specialized windshield na nakakaharang ng signal sa pagitan ng mga pass at tolling equipment. Suriin ang manwal ng may-ari kung hindi ka sigurado kung kailangan mo ng pass na ito, dahil maraming sasakyang may specialized windshield ang mayroon ding espesipikong pwesto sa windshield kung saan pwedeng ilagay ang pass, at gagana ito.

Ang Motorcycle pass ay $8 dagdag ang buwis. Laging pwedeng gamitin ng mga motorsiklo ang mga express toll lane ng I-405 at SR 167 HOT lanes nang walang toll, pero magbabayad sila ng toll kapag ginagamit ang Tacoma Narrows Bridge, SR 520 bridge at SR 99 tunnel. Kapag nakadikit na ang pass sa motorsiklo mo, masisira ang pass kapag inalis ito.

Gamitin ang drop-down menu sa tabi ng "Qty" [Dami] sa bawat pass para mapili kung ilan ang gusto mong bilhin sa bawat uri.




Hindi ka kailangang bumili ng anumang pass, pero makakatipid ka sa bawat biyahe kung may nakakabit na pass sa sasakyan mo. Kapag walang pass, may dagdag na 25 sentimo ang babayaran mo sa bawat biyahe.


Kapag nakapili ka na, mag-scroll sa ibaba ng page at i-click ang NEXT [SUSUNOD] button.

## Sa “How to pay” [Kung paano magbabayad] page

Kailangan mong piliin ang uri ng account mo:

Pre-paid: Paunang magbayad ng $30 kapag binuksan mo ang iyong account para mabayaran ang mga toll sa hinaharap. Kapag kaunti na lang ang balanse sa account mo, awtomatiko itong makakargahan sa pamamagitan ng credit card. O pwede kang pumili ng mga espesipikong araw ng buwan para muling kargahan ang account sa pamamagitan ng mga electronic check.


Pay As You Go: Pagkatapos mong magmaneho, awtomatikong sisingilin ang toll sa iyong credit card dalawang beses sa isang buwan. Hindi kinakailangan ang pre-paid na balanse.




**<u>Kung pinili mo ang Pay As You Go</u>** pwede mong i-click ang NEXT [SUSUNOD] at magpunta sa Review & Pay page.

**<u>Kung pinili mo ang Pre-Paid</u>** kakailanganin mong piliin ang paraan ng pagbabayad mo – alinman sa credit card o electronic check.

Sa pagbabayad gamit ang electronic check o Awtomatikong Network ng Paglilipat ng Pondo sa Bangko (Automated Clearing House, ACH), ang iyong account ay nakakargahan nang dalawang beses sa isang buwan para mapanatili ang minimum na balanse. Kung magiging mas mababa sa $0 ang balanse bago ang iyong nakatakdang petsa ng pagkakarga at dumaan ka sa toll road, makakatanggap ka ng bayarin sa toll sa koreo. Kung mas gusto mong makargahan ang account mo bago maging mas mababa sa $0 ang balanse mo, kakailanganin mong piliin ang opsyon na “pay with a credit card” [magbayad gamit ang credit card].




Pwede kang magdagdag ng mas maraming pondo sa account mo kapag binuksan mo ito sa pamamagitan ng pag-type ng halaga sa patlang ng form gaya ng ipinapakita sa ibaba:





**<u>Kung pinili mo ang Electronic Check</u>** may opsyon kang piliin na awtomatikong makargahan ang account mo.

I-click ang kahon na "Refill my account automatically" kung gusto mong masingil ng nakatakdang halaga ang pinagmumulan ng bayad mo para makargahan ang iyong *Good To Go!* account kapag naging mas mababa sa isang partikular na halaga ang balanse. Sa patlang ng form sa ibaba mismo ng kahon, ilagay ang halaga na gusto mong idagdag sa iyong *Good To Go!* account sa bawat pagkakataon. Hindi pwedeng mas mababa sa $30 ang halaga ng ikakarga.




Pagkatapos, may opsyon kang pumili ng dalawang araw sa isang buwan kung kailan awtomatikong sisingilin ang pinagmumulan ng bayad mo para makargahan ang iyong account ng balanseng pinili mo sa itaas.




Kapag nakapili ka na, mag-scroll sa ibaba ng page at i-click ang NEXT [SUSUNOD] button.

**<u>Kung pinili mo ang credit card,</u>** pwede mo ring piliin na awtomatikong makargahan ang pondo ng account mo.

WSDOT Good To Go!™

**How do you want to pay for tolls?**

You'll pay the same low toll rate with a *Good To Go!* pass no matter which payment option you choose.

◉ **Pre-Paid**
Pre-pay $30 when you open your account to cover future tolls. When your account balance gets low, it is automatically refilled via credit card. Or you can choose specific days of the month to refill the account via electronic checks.

○ **Pay As You Go**
After you drive, tolls are automatically charged to your credit card twice a month. No pre-paid balance required.

**Payment method**

◉ Credit card

○ Electronic check

**Additional deposit amount**

$ ____________ (optional)

**Auto Pay options**

☑ Refill my account automatically
When your account reaches a low balance of $8, your credit or debit card is automatically billed $30 to replenish your account. These are minimum required amounts to keep your account active.


Kapag nakapili ka na, mag-scroll sa ibaba ng page at i-click ang NEXT [SUSUNOD] button.

Kapag nasa mababang balanse na $8 na lang ang laman ng account mo, awtomatikong sisingilin ang credit o debit card mo ng $30 para makargahan ang account mo. Ito ang pinakamababang kahilingang halaga para manatiling aktibo ang iyong account.

# Sa “Review & Pay” [Suriin at Bayaran] page

Ilagay ang iyong impormasyon sa pagbabayad.

**Kung pinili mo ang credit card** bilang paraan ng pagbabayad mo sa naunang page, kakailanganin mong ilagay ang impormasyon ng card mo, billing address at shipping address.





Pangalan ng may-ari ng card

Numero ng credit card

Security code

Petsa ng pagkawala ng bisa (BBTT)

**Kung pinili mo ang Electronic Check** bilang paraan ng pagbabayad mo, kakailanganin mong ilagay ang impormasyon ng bank account mo




Pangalan sa account


Routing number

Numero ng account

Pangalan ng Pinansyal na Institusyon

WSDOT Good To Go!™

Pagkatapos, kailangan mong suriin at sang-ayunan ang Terms & Conditions at ang ACH Terms & Conditions. Makukuha ang dalawang tuntunin at kondisyon sa PDF sa website ng Washington State Department of Transportation (WSDOT) sa wikang Arabic, Chinese, Korean, Russian, Somali, Spanish at Vietnamese. Sumang-ayon sa mga kondisyon sa pag-click sa kahon na nagsasabing “I agree to the Terms and Conditions” [Sumasang-ayon ako sa Mga Tuntunin at Kondisyon]




Pagkatapos sumang-ayon, kailangan mong suriin ang lahat ng impormasyon ng bagong account mo sa kanang bahagi ng page para masiguradong tama ang impormasyon para sa pakikipag-ugnayan at impormasyon ng sasakyan.

Pagkatapos, i-click ang kulay lilang PAY NOW [BAYARAN NA] button sa ibaba ng page.

Binabati ka namin! Nakapagbukas ka na ng *Good To Go!* account. Dadalhin ka na sa page na kinikilalang nabuksan ang isang account at kasama dito ang numero ng kumpirmasyon at ang iyong customer ID. Ipapadala rin ang impormasyong ito sa email address na ginamit mo sa pagbubukas ng account.

Kung mayroon kang mga tanong, nagkaproblema ka sa pagbubukas ng account, o kailangan mo pa ng tulong, mangyaring tumawag sa customer service sa 1-866-936-8246. Available para sa iyo ang libreng serbisyo ng pagsasalin.